



ERBUHAY

(english edition: www.verbuhaymagasin.com)

GABAY SA BIBLE SHARING

IKALIMANG LINGGO NG KUWARESMA (B) • MARSO 18, 2018

Oras na upang Parangalan ang Anak ng Tao



(Pambungad na Panalangin, sa pinakahuling pahina)

I. ANG TATLONG PAGBASA

UNANG PAGBASA (Jer 31:31-34)

³¹SINASABI ng Panginoon, “Darating ang panahon na gagawa ako ng bagong pakikipagtipan sa Israel at sa Juda. ³²Ito’y di gaya ng tipang ginawa ko sa kanilang mga ninuno, nang ilabas ko sila sa Egipto. Bagama’t sumira sila sa kasunduan namin, nagtiyaga ako sa kanila. ³³Ganito ang gagawin kong tipan sa Israel: Itanim ko sa kanilang kalooban ang aking kautusan; isusulat ko sa kanilang mga puso. Ako’y magiging kanilang Diyos at sila ang magiging bayan ko. ³⁴Hindi na nila kailangang turuan ang isa’t isa upang makilala ang Panginoon; lahat sila, dakila’t hamak ay makakakilala sa akin, sapagkat patatawarin ko sila sa kanilang maling gawain

at hindi ko na gugunitain pa ang kanilang kasalanan.”

Tema: **Ang Bagong Tipan**

PAGPAPALIWANAG

- Sa b. 31, ibinabalita ni propeta Jeremias ang pagtatalaga ng bagong tipan para sa buong bansa (Israel at Juda).
- Ito ay may kaibahan sa tipan ng mga Israelita sa Bundok Sinai (nakaukit sa bato, b. 32).
- Itatalaga ng Diyos ang mga kautusan at turo sa puso ng mga Israelita.
- Sa b. 33, inilalahad ang kaukulang tipan: “Ako’y magiging kanilang Diyos at sila ang magiging bayan ko.”
- Sa b. 34, ipapakita na hindi na kailangan ang mga guro upang makilala kung sino ang Diyos.
- Upang makilala ang Diyos, kailangang may takot sila sa Diyos (masunurin sa kanyang mga turo).
- Dahil dito, papatawarin sila ng Panginoon sa

kanilang mga kasalanan.

PAGNINILAY

• Binabago ng Diyos ang kanyang bayan. Sinisimulan niya ito sa pagtatag muli ng bagong kasunduan sa kanyang bayan.

SALMONG TUGUNAN (Slm 50) D'YOS KO, SA AKI'Y LIKHAIN TAPAT NA PUSO'T LOOBIN!

IKALAWANG PAGBASA (Heb 5:7-9)

⁷Noong si Hesus ay namumuhay rito sa lupa, siya'y dumalagin at lumuluhang sumamo sa Diyos na makapag-liligtas sa kanya sa kamatayan. At dininig siya dahil sa lubusan siyang nagpakumbaba. ⁸Bagamat siya'y Anak ng Diyos, natutunan niya ang tunay na kahulugan ng pagsunod sa pamamagitan ng pagtitisi. ⁹At nang maganap na niya ito, siya'y naging walang hanggang Tagapagligtas ng lahat ng sumusunod sa kanya.

Tema: **Pagtalima**

PAGPAPALIWANAG

- Ang b. 7 ay nagsasaad na bilang tao, si Hesus ay nag-alay ng panalangin sa Diyos.
- Panalangi'ng, hindi lamang nag-uusal ng mga kataga si Hesus sa kanyang pakikipag-ugnayan sa Diyos.
- Siya ay taimtim na nagdarasal (may malakas na hikbi at may luha).
- Dinirinig siya ng Diyos dahil sa kanyang pagtalima, pagsunod sa kalooban ng Diyos.
- Sa b. 8, ipinapakita na si Hesus ay natutong sumunod sa pamamagitan ng pagpapakasakit.
- Dahil sa kanyang mga paghihirap, siya ay naging buo at bukal ng kaligtasan.
- Iligtas niya tayo kung tayo ay masunurin.

PAGNINILAY

Tinuturo ni Hesus kung paano sumunod sa pamamagitan ng pagsunod sa kaloban ng Diyos.

MABUTING BALITA (Jn 12:20-33)

Tanong tungkol kay Hesus

NOONG panahong iyon, ²⁰kabilang ang ilang Griego sa mga pumunta sa pista upang sumamba. ²¹Lumapit sila kay Felipe na taga-Betsaida, Galilea, at nakiusap, “Ginoo, ibig po naming makita si Hesus.” ²²Sinabi ito ni Felipe kay Andres, at silang dalawa'y lumapit kay Hesus at ipinaalam ang kahilingan ng mga iyon.

Ang Kadakilaan ng Kristo

²³Sinabi ni Hesus, “Dumating na ang oras upang parangalan ang Anak ng Tao. ²⁴Tandaan ninyo: malibang mahulog sa lupa ang butil ng trigo at mamatay, mananatili itong nag-iisa. Ngunit kung mamatay, ito'y mamumunga nang marami. ²⁵Ang taong labis na nagpapahalaga sa kanyang buhay ay siyang mawawalan nito, ngunit ang napopoot sa kanyang buhay sa daigdig na ito ay siyang magkakaroon nito hanggang sa buhay na walang hanggan. ²⁶Dapat sumunod sa akin ang nag-lilingkod sa akin, at saanman ako naroroon ay naroon din ang aking lingkod. Pararangalan ng Ama ang sinumang naglilingkod sa akin.”

²⁷“Ngayon, ako'y nababagabag. Sasabihin ko ba, ‘Ama, iligtas mo ako sa kahirapang daranasin ko?’ Hindi! Sapagkat ito ang dahilan kung bakit ako naparito—upang danasin ang kahirapang ito.

Ang Kadakilaan ng Diyos

²⁸Ama, parangalan mo ang iyong pangalan.” Isang tinig mula sa langit ang nag-sabi, “Pinarangalan ko na ito, at muli kong pararangalan.”

²⁹Narinig ito ng mga taong naroon at ang sabi nila, “Kumulog!” Sabi naman ng iba, “Nagsalita sa kanya ang isang anghel!” ³⁰Sinabi ni Hesus, “Ipinarinig ang tinig na ito dahil sa inyo, hindi dahil sa akin.

³¹“Panahon na upang hatulan ang

sanlibutan. Itataboy ngayon sa labas ang pinuno ng sanlibutang ito. ³²At kung ako’y maitaas na, ilalapit ko sa akin ang lahat ng tao.”
³³Sinabi niya ito upang ipakilala kung paano siya mamamatay.

Tema: **Ang Pagdadakila kay Kristo**

PAGPAPALIWANAG

- Ang b. 20 ay nagsasaad na may mga Griyegong dumalo sa kapistahan ng Paskuwa sa Jerusalem. Kaya, likas lang na sila ay nagsasalita ng Griyego.
- Lumapit sila kay Felipe (na taga Betsaida sa Galilea) b. 21.
- Meron ding Betsaida sa Jerusalem.
- Sa b. 22, sinabi ni Felipe kay Andres at silang dalawa ay dumulog kay Hesus.
- Bakit sila interesado kay Hesus?

PAGNINILAY

Kasama ng pagpaparangal ay ang pagpapakasakit at paghihirap.

Parang iisang realidad lang sila.

Tayong mga Kristiyano ay dapat maniniwala sa katotohanan na bago natin makamtan ang kadakilaan, kailangan natin na dumaan sa pasakit at paghihirap.

II. PAG-UUGNAY

Unang Pagbasa: Bagong tipan.

Ang Ikalawang Pagbasa ay nagsasaad ng pagtalima.

Ang Mabuting Balita ay tungkol sa pagpaparangal kay Hesus

III. SALAMIN NG BUHAY

Kasakiman

Layaw sa laman

Pagdakila sa sarili

Ma-social media at ma-headline!

-*Pagpapaliwanag*: **Fr. Cielo Almazan, OFM**

-*Pagsasalin*: **Br. Hansel Mapayo, SSP**

(Pangwakas na Panalangin)



PAANYAYA...

**BIBLE APOSTOLATE LECTURE
SERIES SA:**

SAN ROQUE PARISH

Cabrera St., Pasay City

SABADO, 7:30 -9:00 PM

• **MARCH 17, 2018-Br. Hansel B. Mapayo, SSP.**

TOPIC: EXODUS; History of Israel

• **APRIL 21, 2018- Fr. Paolo Asprer, SSP.**

Dei Verbum; Verbum Domini; The WORD OF GOD in the life and mission of the Church.

• **MAY 19, 2018- Cl. Albert Garong, SSP.**

Inspiration and Canon; Deuterocanonicals

• **JUNE 16, 2018- Fr. Dindo Purto, SSP.**

PROPHETS

• **JULY 21, 2018- Br. Hansel Mapayo, SSP.**

WRITINGS OR WISDOM LITERATURE

• **AUGUST 18, 2018-Fr. Khris Llacer, SSP.**

GOSPELS

• **SEPTEMBER 15, 2018-Fr. Gil Alinsangan, SSP**

PAULINE LETTERS AND HEBREWS

• **OCTOBER 20, 2018-Fr. Ludovico Tacdoro, SSP**








CATHOLIC LETTERS

• **NOVEMBER 17, 2018-Fr. Khris Llacer, SSP**

REVELATIONS

MGA AKLAT NG KUWARESMA

ROMAN MISSAL
NA ENGLISH AT
FILIPINO



TAOS-PUSONG PASASALAMAT SA MGA SPONSORS:

ST PAULS ADS AND PROMO
MR & MRS QUIRINO AND SIONY RAMOS
ISA REYES
MARLA GLORIA

PAMBUNGAD NA PANALANGIN

Kristo, aming Panginoon, Ikaw ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay. Itulot mong makamit namin ang Iyong dakilang pag-ibig sa pamamagitan ng iyong Apostol na si San Pablo at ng Simbahang Katolika. Ipadala Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritu upang maalaala namin ang lahat na Iyong mga ipinangangaral.

Luwalhati sa Ama, sa Anak at sa Espiritu Santo. Kapara ng sa una, ngayon at magpakailanman at magpasawalang hanggan. Amen.

Kung nais po ninyong makatulong sa ating Biblical Apostolate, maari pong magdonate ng legal size na bond paper sa:

STPAULS Ads and Promo Office c/o **Rizaldy Cruz**
7708 ST PAUL Road, San Antonio Village, Makati City
Tels: 895-37-16; 890-7130

PANGWAKAS NA PANALANGIN

O Hesus na Dakilang Guro, ikaw ang Salita ng Buhay na walang hanggan. Sumasampalataya kami sa 'yo Panginoon at Katotohanan. Palaguin Mo nawa ang aming pananampalataya. Iniibig ka namin, Panginoon at Daan, nang buo naming lakas dahil iniutos mo sa ami'ng sundin ang Iyong mga Kautusan nang walang pasubali. Nananalangin kami sa Iyo, O Panginoon at Buhay, sinasamba Ka namin, pinupuri Ka namin, at pinapasalamat dahil sa kaloob mong Banal na Kasulatan. Kasama si Maria, maaalala sana namin at mapangangalagaan ang Iyong mga Salita sa aming kaisipan at mapagninilaynilayan ang mga ito sa aming puso.

Panginoong Hesus, ang Daan, ang Katotohanan at ang Buhay, Maawa Ka sa amin.
Luwalhati... (mula sa Prayers of the Pauline Family)